



ANG

# Bayan

Pahayagan ng Partido Komunista ng Pilipinas  
Pinapatnubayan ng Marxismo-Leninismo-Maoismo


Espesyal na Isyu  
Nobyembre 4, 2006  
[www.philippinerevolution.net](http://www.philippinerevolution.net)

## ***“People’s initiative,” ibinasura***

**A**ng pagbabasura ng Korte Suprema sa huwad na *people’s initiative* nitong Oktubre 24 ay isang makabuluhang taktilkal na tagumpay sa pagsisikap ng mamamayang Pilipino na hadlangan ang buhong na pakana ng rehimeng Arroyo na baguhin ang konstitusyon para lalo itong umayon sa mga interes nito at ng amo nitong imperialismong US.

Sa botong 8-7, kinastigo ng Korte Suprema ang “Sigaw ng Bayan” at ang Union of Local Authorities in the Philippines (ULAP) sa kanilang “malaking panlilinlang.” Tinukoy ng Korte na ang panlilinlang ay di lamang sa mga ginawang pamamaraan sa pangangalap ng pirma, kundi maging sa nilalaman ng mga panukalang pagbabago.

Kaduda-duda na ang milyun-milyong pinalalabas ng Sigaw at ULAP na pumirma umano ay may sapat na kaalaman tungkol sa mga nilalaman ng petisyon. Ayon mismo sa Si-



gaw, ka-kaunti lamang ang kanilang na-imprentang polyeto na naglalaman ng mga panukalang

## **Labanan at biguin ang “Cha-cha”**

**Komiteng Tagapagpaganap ng Komite Sentral  
13 Setyembre 2006**



**S**a kabilang malawak na pagtutol ng mga mamamayan, lalong pinaiigting ng papet at pasistang rehimeng Macapagal-Arroyo ang mga maniobra para maisaisantabi ang konstitusyon 1987 at distrungkahin ang anyo at pamamaraan ng paghahari ng reaksyunaryong estadong malakolonyal.

Ipipilit ng rehimeng pagrerebisa sa konstitusyon sa pamamagitan man ng palsipikadong inisyatibang bayan o inisyatiba ng Kapulungan ng mga Kinatawan (Constituent Assembly). Dahil parehong kaduda-duda ang ligalidad, maaari lamang makalusot ang alinman sa dalawa sa pamamagitan ng garapal na pagpapagamit ng Korte Suprema. Nililimas ang pambansang kabang-yaman at inaabuso ang mga kontrata ng gubynerno para bilhin ang pagsuporta ng mga kongresista, mga heneral ng AFP at PNP, mga lokal na burukrata’t pulitiko at *mass media*. Kaalinsabay, walang pakundangan nitong sinasagasaan ang Senado, pinapaikutan ang mga hukuman kabilang ang pinakamataas, hinahati at ginigipit ang reaksyunaryong oposisyon, ginagamitan ng pasistang teroristang mga taktika ang ligal na demokratikong kilusan at todo-todong itinulak ang mga opensibang militar at maruming gera laban sa armadong rebolusyonaryong kilusan. Ginagatungan at pinagngangalit ang istoryang anti-teroris-

## *"Ibinasura...," mula sa pahina 1*

pagbabago. At maging sa mga polyeto, hindi binanggit ang ilang mahahalagang panukala katulad ng walang taning na pag-upo ng mga kongresista bilang mga kintawan sa *interim parliament* (pansamantalang parlamento) habang ang pag-upo ng mga senador sa parlamento ay hanggang 2010 lamang. Sadya ring pinalabo ang petsa ng susunod na eleksyon.


Dagdag dito, isiningit ng Sigaw at Ulap ang probisyon para sa isa pang serye ng mga amyenda sa konstitusyon 45 araw makaraang iratipika ang mga panukalang ito ng parlamento.

Ayon sa Korte, hindi simpleng mga amyendang pwedeng idaan sa *people's initiative* ang itinutulak ng Sigaw at ULAP. Ang mga ito ay malalaki at masasaklaw na rebisyon sa konstitusyon.

Pinasinungalingan ng Korte na boses ng mamamayan ang nasa likod ng inisyatiba ng Sigaw at ULAP. Ayon mismo sa mga pahayag ng Sigaw at Ulap, itinutulak nila ang *people's initiative* bilang "walang pasubaling pagsuporta sa adyenda ni Gloria Arroyo."

Matinding dagok sa rehimeng Arroyo ang pagbabasura ng Korte Suprema sa "*people's initiative*." Hindi ito pinalusot ng mga huwes kahit karamihan sa kanila ay itinalaga na ni Arroyo. Sa kabilang ito ng mga tahasan at tagong maniobra ng rehimeng para gipitin at suhulan sila.

Lantaran ang pambabraso ni Arroyo. Bukod sa kanyang mga alipures, mismong si Arroyo ay kumausap sa mga hukom ng Korte. Dala-wang hukom ang pinaangakuan niyang pau-puin bilang *chief justice* kapalit ng kani-langan pagpa-



**Pinasinungalingan ng Korte na boses ng mamamayan ang nasa likod ng inisyatiba ng Sigaw at ULAP. Ayon mismo sa mga pahayag ng Sigaw at Ulap, itinutulak nila ang *people's initiative* bilang "walang pasubaling pagsuporta sa adyenda ni Gloria Arroyo."**

nig sa petisyon.

Malinaw na ang laban ng mamamayan ay hindi nagtatapos sa pagbabasura ng Korte Suprema sa bogus na *people's initiative*. Tuluy-tuloy na nagpaplanong rehimeng iba't ibang maniobra para mailusot ang Cha-cha. Kung hindi man ngayong taon ay tiyak na itutulak ito ng rehimeng paraan na susunod na taon sa iba't ibang paraan.

Lalo nitong pag-iibayuhin ang pambabraso at panunuhol sa mga hukom ng Korte Suprema. Hinihatay lamang nitong magretiro si Chief Justice Artemio Panganiban para mapalitan siya ng bagong *chief justice* na tiyak na papanig sa petisyon at magbabago ng balanse pabor sa Malakanyang.

Titiyakin din ni Arroyo ang kanyang kontrol sa sinumang bagong huwes na itatalaga sa Korte. Sa ganitong paraan, garapalan pero madali na lamang nitong mababawi ang desisyon ng Korte laban sa "*people's initiative*."

Kasabay nito, pinapaspasan din ng mga alipures ni Arroyo ang transpormasyon ng Kongreso sa isang "*constituent assembly*" kahit walang partisipasyon ang Senado.

AB

## **ANG BAYAN**

Espesyal na Isyu Nobyembre 4, 2006

Ang *Ang Bayan* ay inilalabas sa wika ng Pilipino, Bisaya, Iloko, Hiligaynon, Waray at Ingles.

Maaari itong i-download mula sa Philippine Revolution Web Central na matatagpuan sa:

[www.philippinerevolution.net](http://www.philippinerevolution.net)

Tumatanggap ang *Ang Bayan* ng mga kontribusyon sa anyo ng mga artikulo at balita. Hinihikayat din ang mga mambabasa na magpaabot ng mga puna at rekomendasyon sa ikauunlad ng ating pahayagan. Maaabot kami sa pamamagitan ng email sa:

[angbayan@yahoo.com](mailto:angbayan@yahoo.com)

## **Nilalaman**

Huwad na <i>people's initiative</i> , ibinasura	1
Labanan at biguin ang Cha-cha	1
Rebolusyonaryong pagbabago	5
Pag-apula sa krisis	7
Mga tampok na amyenda	11

Ang *Ang Bayan* ay inilalathala dalawang beses bawat buwan ng Komite Sentral ng Partido Komunista ng Pilipinas

mo, antikaliwa at anti-deistabilisasyon para siraan ang mga kalaban at pagtakpan ang kriminal na mga hangad at galaw ng rehimen.

Sinunggaban ng rehimen ang kabiguan ng kilusang protesta na magtipon ng sapat na laki ng bilang sa kalsada, ang sunud-sunod na dagok sa mga rebeldeng militar at ang muling pagbabasura sa kasing *impeachment* para agawin ang inisyatiba sa pulitika at itulak ang kampanyang Cha-cha. Gayunman, ang pagbaling ng rehimen sa mga hakbang na mas marumi, mas arogante at mas marahas ay lalong nagpapalalim ng mga alitang paksyunal ng mga reaksyunaryo, lalong nagpapatindi sa pagkasuklam at paglaban ng mamamayan, at lalong nagpapalubha sa krisis.

Gaya ng pasistang pangkating Marcos noong 1971, isinasangkalan ng papet at pasistang pangkating Arroyo ang panibagong kaigtingan ng krisis ng sistemang malakolonyal at malapyudal—bagay na malaking bahagi'y direkta rin nilang panaganutan—para bigyang-matwid ang pagrerebisa sa konstitusyon pero para lalo lamang pasahulin iyon. Ang motibo ay makapanatili sa poder ang kinamumuhiang rehimen at ikonsentra ang higit pang kapangyarian sa kamay nito, kasabay ng komprehensibong pag-atake sa mga karapatang pambansa at demokratiko ng sambayanang Pilipino.

Una, gaya ni Marcos, itinutulak ni Arroyo ang paglipat mula presidensyal tungong parlamentaryong anyo ng gubyerno para ipuslit ang mga probisyong pantransisyon na magkokonsentra ng higit pang kapangyarian sa presidente at mag-lalagay sa kontrol niya ng ehekutivo at parlamentong pinamumunuan ng isang walang kapangyarihang punong ministro. Kapag nakaupo na, madali na para sa transisyon na presidente at kabig niyang pu-

nong ministro at parlamento na mag-kutsabahan para magsabatas ng dagdag pang kapangyarian at mga pribilehiyo para sa sarili nila, kabilang ang pagpatagal ng kanilang paghawak sa kapangyarian.

Sa pagbabago sa anyo ng gubyerno, hangad ring alisan ng tunungan ang isyu ng pandaraya sa eleksyon 2004 at pagiging ilehito ng presidente at tuluyang ilibing ang hablang *impeachment* sa pamamagitan ng teknikalidad sa konstitusyon. Higit ding pahihirapan ang pagsasampa ng mga hablang *impeachment*.

Ikalawa, itinutulak ng naghaharing rehimen ang higit pang pagkaltas sa mga kalayaang sibil at pagbaligtad sa pinakamakabuluhang impluwensya sa konstitusyon 1987 ng matagumpay na antipasistang pakikibakang bayan laban sa diktadurang Marcos. Malinaw na hindi pa nagkakasya sa namayagpag nang pasistang terorismo ng estado ay nais ng pasistang rehimeng Arroyo na lalo pang bawasan ang mga demokratikong karapatan ng taumbayan habang lalong niluluwagan ang pagpapataw ng paghaharing militar at paggamit ng kamay na bakal ng estado laban sa mamamayan at mga pwersang rebolusyonaryo at progresibo.

Gusto nilang tabasin ang konstitusyon alinsunod sa pasistang doktrina at mga utos ng gerang anti-terorismong isinusulong ng US, na walang taning, walang hangganan at nakaibabaw sa batas. Gaya ng kanilang impreyialis-



tang panginoon, inaasam ng mga militarista, kleriko-pasista at iba pang pasista at sagadsaring anti-komunistang nakakonsentra at namayani sa Malakanang, Kampo Aguinaldo at Kampo Crame na makapanungnis at makapamuksa nang walang ligal o institusyunal na hadlang. Tuluy-tuloy nilang sinasabotahe ang usapang pangkapayapaan sa pagitan ng NDFP at GRP at ngayo'y nahihibang sila sa pag-aasam na lunurin sa dugo ang mga rebolusyonaryong pwersa at lahat ng kanilang pinagmumukhang-demonyo bilang "terorista".

Subalit gaya ng mas madalas mangyari sa pasistang panghahali-haw, ang una at pinakamatinding nabibiktima ay ang mga karaniwang magsasaka, manggagawa, maralita sa lunsod at nayon, mga estudyante, intelektwal at prosesyunal na naggigiit sa kanilang mga demokratikong karapatan pero itinuturing na sagabal kundi man kaaway ng mga pasista, kaya arbitraryong inihahanay na mga kombatant sa gera o dili kaya'y kumbiyenteng ikinakategoryang *collateral damage* para mapagkaitan ng lahat ng karapatan at maatake nang walang pangingimi. Sa kabilang banda, ang papet at pasistang estado, ang mga reaksyunaryong nasa kapangyarian, mga mama-matay-tao at berdugo nila ay umangkin sa gawa kung hindi man sa pormal na karapatan ng kapangyarian ng diskresyong libre sa superbisyon at pananagutan. Iwinawasiwas nila ang umano'y mga dikta ng pambansang seguridad, ang gawa-gawang mga ulat ng *intelligence* at ang itinanim na mga ebi-



densya para makapanalakay at makapamaslang nang walang patumanga.

Ikatlo, alinsunod sa dikta ng US at iba pang dayuhang monopolyong kapital, itinutulak ng rehimeng pagbibigay ng buong laya sa dominasyon at paglalabas-masok ng dayuhang puhunan at pagpapahintulot sa 100% dayuhang pagmamay-ari sa mga lupain, likas na kayamanan at lahat ng klase ng negosyo. Lubos na isinusuko sa dayuhang monopolyong kapital ang soberanya sa ekonomya at patrimonya ng bansa.

Buu-buong tatalikdan ang responsibilidad ng estado sa pangangalaga at pagpapaunlad sa pambansang industriya at kabuhayan, kabuhayan at kagalingan ng mamamayan, at katarungang panlipunan. Lulubusin ang pribatisasyon at deregulasyon pabor sa malaking kapital na dayuhan at lokal, at magkakasya ang papet na estado sa purong pag-eengganyo, pag-suporta, pagprotekta at pagpapau-baya sa pribadong kapital. Isusulong ang lalo pang pribatisasyon at deregulasyon ng *public utilities*, edukasyon, pangangalagang pangkalusugan at iba pang serbisyo ng publiko, na paaandarin nang lubos para sa maksimisasyon ng

pribadong tubo.

Minemenos at iwawaksi kahit ang pakitang-taong mga probisyon ng konstitusyon 1987 sa karanasan sa makatarungang sa-hod, kapaki-pakinabang na trabaho, tunay na repermang agraryo, mga serbisyo ng sosyal na madaling matamo, at iba pa. Ang kagalingan ng mga manggawa, magsasaka, iba pang maralita at maliliit na propesyunal ay lubos at bulag na ipapaubaya sa ambon ng anumang mumong matitira sa tuloy-tuloy na pagpipista ng pribadong malaking kapital.

Hindi kailanman nakabawi ang pambansang ekonomya mula sa krisis sa Asia noong 1997. Sa panunungkulan ng papet at pasistang rehimeng Arroyo, ibayo pang bumilis ang pagbagsak at pagkasira ng industriya, agrikultura, kabuhayan ng sambayanan, at maging ng kapaligiran bunga ng pananalasa ng imperyalistang globalisasyon, deregulasyon at pribatisasyon, pandarambong ng malalaking bangkong dayuhan at lokal, at talamak na korapsyon sa gubyerno. Kaya walang kaparis na panggagantso ang pagbebenta ng dayuhang puhunan, imperyalistang globalisasyon, deregulasyon at pribatisasyon bilang madyik na gamot na magliligtas sa bansa. Lalo lamang pabibilisin at pasasahulin ng mga amyenda sa konstitusyon ang pagkalugmok at pagkabulok ng ekonomya at ang pagkabusabos at despresasyon ng mamamayan.

Ikaapat, buburahin ang pagbabawal sa dayuhang baseng militar, dayuhang tropang pangkombat, armas nukleyar at iba pang armas na pamuksa sa teritoryo ng Pilipinas. Layunin nitong alisin ang anumang hadlang sa malayang paglalabas-masok, pagtigil at pagbabase ng mga tropa at armas ng US para sa interbensyon at agresyon ng militar sa bansa, gayundin sa ibang bayan sa Asia at Pasipiko.

Sa buong malakolonyal na kaysayan ng bansa, umabot sa wala pang kapantay na lawak at tindi ang interbensyon militar ng US sa panahon ng papet na rehimeng Arroyo. Patuloy pa itong pinaiigting at pinalalawak. Para sa rehimeng lahat ng bagay ay wedeng bilhin at ipagbili, ang pakikipagsabwan sa interbensyon militar ng US ay hindi lamang paraan para kunin ang basbas ng panginoong imperyalista kundi gamit din sa pagtawad ng mas malaking ayudang militar at ekonomiko.

Sa kabuuan, ang pakanang pagbago sa konstitusyon ay isang komprehensibong opensibang anti-demokratiko, antinasyunal at anti-masa ng kinamumuhiang rehimeng papet at pasista para sa interes ng imperyalismong US at isang dakot na malalaking kumprador-burgis, malalaking panginoong maylupa at malalaking burukratang kinakatawan ng papet at pasistang naghaharing pangkating Arroyo. Ang kabuuang layunin nito ay lalo pang ikonsentra sa kamay ng iilan ang kapangyarihan sa pulitika at ekonomya at lalong patindihin ang pagpiga at pang-aapi sa malawak na masa ng sambayanan.

Ang konstitusyon 1987, bagamat may bakas ng ilang impluwensya ng antipasistang pakikibakang bayan laban sa pasistang diktadurang Marcos ay isang reaksyunaryong konstitusyon sa esensya at sa kabuuan. Pinatutunayan ito ng patuloy na pagsahol ng dayuhan at lokal na panghuhuthot at pandarambong, walang habas na paglalastangan sa kapakanan at karanasan ng masa at sambayanan, at palalim nang palalim na krisis ng sistemang malakolonyal at malayudal sa nakaraang halos 20 taon. Sa katunayan, ang kalunus-lunos na kalagayan sa kasalukuyan ay isang pangunahing sinasamantala

---

*Sundan sa "Labanan...," pahina 5*

# Rebolusyonaryong pagbabago sa konstitusyon

**A**ng rebolusyonaryong kilusan, ang hayag na demokratikong kilusan, ang mga reformato at ang reaksyunaryong oposisyon ay magkakasabay na bumabatikos sa pagpipilit ng rehimeng Arroyo na baguhin ang umiiral na konstitusyon ng reaksyunaryong papet na Gubyerno ng Republika ng Pilipinas. May mga pagkakaiba at may mga komun din sa mga linya ng pagbabatikos sa Cha-cha (o mga pagbabago sa konstitusyon) ni Arroyo. May kaugnayan ang mga ito sa kababawan o kalaliman ng pagsusuri sa adyenda ng rehimeng Arroyo sa likod ng Cha-cha, at ng pagsusuri sa esensyal na katangian ng umiiral na reaksyunaryong konstitusyon.

May mga reaksyunaryong oposisyonistang gustong mabago rin ang konstitusyon, pero ayaw ngayon dahil maipagkakait sa kanila ang mga pakinabang na gustong solohin ng paksyon Arroyo at mga kasapakat nito sa pakanang Cha-cha. Mayroon ding mga reaksyunar-

yong repormistang ayaw lamang ng pagbabago sa forma ng gubyerno mula presidensyal tungong parlamentaryo dahil pinangangambahan nila ang lalong paglakas ng kapit sa kapangyarihan ng naghaharing pangkatin kapag mapag-isa na ang ehekutibo at lehislatura at mawala

na ang *check and balance* umano sa pagitan ng ehekutibo, lehislatura at hudyal na mga sangay ng gubyerno, tulad ng umiiral sa bansa sa kalakhan ng panahon mula nang maitayo ang reaksyunaryong papet na republika at tulad ng pinagmahanan nitong kaayusan sa US.

Ang mas nakararami, sa pangunguna ng hayag na mga pambansademokratikong organisasyon, mga progresibong organisasyong *party-list*, mga samahan ng mga progresibong abugado at marami pang organisasyon at sektor ng mamama-

---

*Sundan sa "Pagbabago...," pahina 6*

---

## *"Labanan...," mula sa pahina 4*

ng papet at pasistang rehimeng para mang-udyok ng pagbago sa konstitusyon at magtulak ng mga amyendang lalong magpapasama rito. Dapat labanan at biguin ang pakanang Cha-cha ni Arroyo nang hindi nagpapakalat ng mga ilusyon at maling paniniwala sa tunay na reaksyunaryong katangian ng konstitusyon 1987 at naghaharing sistemang kinakatawan nito.

Tungkulin ng Partido na ubos-kayang labanan at biguin ang pakanang Cha-cha ng papet at pasistang rehimeng Arroyo, kasabay ng ibayo pang pagpapaigting ng pakikibakang armado at di armado, iligal at ligal, lihim at hayag para tuluy-tuloy na ihiwalay at pahinain hanggang mapabagsak ang kinamumuhiang naghaharing rehimeng. Mahigpit na mga tungkulin kaugnay nito ang mga sumusunod:

**1.** Puspusang ilantad ang antodemokratiko, antinasyunal at antisamang Cha-cha, kasabay ng puspusang paglalantad at paghihiwa-

lay sa papet at pasistang rehimeng utak at promotor nito. Pukawin at pakilusin ang milyun-milyong mamayan para labanan at itakwil ang Cha-cha at ang papet at pasistang rehimeng. Mapangahas na palawakin at palakasin ang propaganda at ahitasyon, ang kilusang protesta, mga kampanya at pakikibakang masang sektoral at multisektoral.

**2.** Iugnay ang pakikibakang anti-Cha-cha sa lahatang panig na pagsusulong at pagpapatindi ng pakikibakang antipasista, antipyodal at anti-imperialista. Ang pakikibaka sa Cha-cha ay dapat magpalawak at magpatindi pa ng pakikibaka sa naghaharing rehimeng Arroyo at kaalinsabay, higit pang magpalalim dito at mag-angat ng antas nito.

**3.** Mapangahas na palawakin ang nagkakaisang prenteng antipasista, anti-imperialista at antipyodal. Buuin ang pinakamalawak na posibleng pakikipagtulungan sa lahat ng tipo ng alyado, matagalang

at pansamantala, mapagkakatiwaan at hindi, para abutin at pakilusin ang milyun-milyong mamayan at puspusang ihiwalay at pahinain ang papet at pasistang rehimeng at biguin ang pakana nitong Cha-cha.

**4.** Mapangahas na lalong palawakin at paigtingin ang pakikidigmang gerilya. Ubos-kayang labanan at biguin ang todong gera ng papet at pasistang rehimeng at amo nitong imperyalismong US. Panagutin ang pinakamasahol na mga pasistang mamamatay-tao at berdugo at ang mga nagmamando at kumokontrol sa kanila.

Ang labanan sa Cha-cha at kabilang sitwasyon ay nagbibigay ng napakainam na pagkakataon para ibayong palawakin at palakasin ang mga rebolusyonaryong pwersa at isulong nang lahatang-panig ang rebolusyon. Dapat mapangahas na sungaban ang pambihirang pagkakataong ito at pamunuan sa paglaban ang malawak na masa ng sambayanan.

AB

yan ay mas malalim na nakapagsuri at mas matalas na bumabatikos sa mga layunin sa likod ng itinutulak ng pangkating Arroyo na mga pagbabago sa saligang batas. Sentro ng pagbabatikos nila ang mga pakana ng pangkating Arroyo na maagaw ang inisyatiba sa pulitika at mapalitan ang mga alituntunin sa tagisan ng mga pwersang pampolitika, mapagtakpan ang mabibigat na krimen, mabura ang malalaking pananagutan nila sa bayan at makapangunyapit sa poder, gamit na sangkalan ang pagbabago sa anyo ng gubyerno tungong parlamentaryo; mapag-ibayo pa ang panunupil sa pamamagitan ng pag-lilitita sa mga kalayaang sibil, pagdaragdag ng mga pasistang probisyon at pagpapairal ng ala-1973 na mala-diktadurang "interim na parlamento"; at maialok ang ibayong pagbubukas ng territoryo, mga likas na yaman, ekonomya, pulitika, militar at iba pang usaping panloob sa panghihimasok ng imperyalistang amo upang kapalit ng mga ito'y makuha ang suporta nito sa Cha-cha.

Kailangang matinding batikisin ang imbing mga pakanang ito ng rehimeng US-Arroyo. Sa gayon ay lalong malalantad ang pagiging tuta, bulok, sinungaling at mapaniil nito, at lalong kamumuhian at pagpupursigihan ng mamamayang maibagsak at mapalitan na ang kalsalukuyang gubyerno.

Sa kabilang banda, hindi ito nangangahulugang ang konstitusyon nais palitan at ibayong pasahulin pa ng rehimeng US-Arroyo ay mabuti para sa mamamayan. Ang umiiral na konstitusyon na buo at napagtibay noong 1987 sa ilalim ng rehimeng Aquino ay mas mapagkunwari. Sa esensya, ito ay isa ring antinasyunal, anti-demokratiko at anti-mamamayang konstitusyon, gaya ng iba pang mga

konstitusyon umiral mula nang maitatag ang reaksyunaryong papet na republika.

Paminsan-minsa'y may bahabahagyang naisingit sa konstitusyon at kulumpon ng mga batas ang mga patriyotiko, demokratiko at progresibong pwersa na ilang probisyong kapaki-pakinabang sa mamamayan. Gayunpaman, hindi nababago ng mga ito ang esensyal na antinasyunal, anti-demokratiko at anti-mamamayang katangian ng kabuuang konstitusyon at kulumpon ng mga batas ng reaksyunaryong papet na estado. Kantitati-bong nababagu-bago lamang ang mga probisyon ng konstitusyon sa iba't ibang kalagayan, depende kung ang mas kailangan ng naghaharing rehimeng sa isang panahon ay ang higit na pagkukunwari o ang mas garapal at mas mabigat na pagwawasiwas ng kapangyarihan ng estado. Maging sa mga panahong ang sadyang mas pinatitingkad ay ang mga palamuti, tulad sa ilalim ng kasalukuyang konstitusyon, sa iba't ibang paraan ay marami sa mga probisyong ito ang binabaluktot at nilalabag ng naghaharing rehimeng at mga galamay nito.

Sa pagtutulak ng pangkating Arroyo na pasahulin ang umiiral na konstitusyon para sa sariling kapakinabangan at gayundin ng mga kasapakat at ng imperyalistang amo nito, lalo lamang nitong pinasisidhi ang krisis ng paghahari nito at pinabubulosok ang buong naghaharing sistema, pinatitindi ang bangayan sa hanay ng mga reaksyunaryong naghaharing uri at inuudyok ang paglaban ng mga rebolusyonaryong pwersa at mamamayan. Isinasalang ng rehimeng US-Arroyo di na lamang ang sariling paghahari kundi pati ang buong naghaharing reaksyunaryong sistema ng malakolonyal at malapayudal.

Habang binabatikos ang pakanang Cha-cha ng pangkating Arro-

**Kailangan ang radikal na pagpapalit sa umiiral na reaksyunaryong konstitusyon ng isang konstitusyon na pinanday at pinaunlad sa proseso ng pagsulong ng rebolusyon Pilipino. Magsisilbing panimulang tuntungan nito ang mga nilalaman ng 12-Puntong Programa ng National Democratic Front of the Philippines at Gabay para sa Pagtatayo ng Demokratikong Gubyernong Bayan. Patuloy itong pauunlarin sa proseso ng pagsusulong ng sosyalistang rebolusyon.**

yo, kailangan ang patuloy na pagbatikos at malalimang pag-aaral at matiyagang pagpapaliwanag sa mamamayan tungkol sa esensyal na antinasyunal, anti-demokratiko at anti-mamamayang probisyon ng umiiral na konstitusyon at sa pangangailangang mapalitan ito ng isang konstitusyon magsisilbi sa interes ng nakararaming mamamayan, pangunahin na ang mga manggagawa, magsasaka at iba pang masang anakpawis.

Ang mga patriyotiko, demokratiko at progresibong pwersa at iba pang sektor ng mamamayang naghahangad ng mga saligang pagbabago ay tuluy-tuloy at puspusang nakikibaka sa hangganan ng laranang hayag at ligal sa loob at labas ng parlamento para sa anumang makabuluhang kaginhawaan maaaring makamit. Ang anumang makakamit na tagumpay at kaginhawaan, kahit gaano kaliit, ay napakahalaga para sa lubhang

pinagsasamantalahan at inaaping mamamayan at magsisilbi ring tun-tungan para sa pagpapatuloy at pagpapalakas ng pakikibaka at sa pagkakamit ng mas marami pang tagumpay. Ngunit may mga hang-ganan ang kanilang pakikibaka at mga kayang makamit dahil nililimitahan ito ng umiiral na reaksyunaryo at papet na konstitusyon, mga batas at aktwal na paggamit ng kapangyarihan ng estado.

Ang umiiral na konstitusyon at mga batas na nakabalangkas sa interes ng mga reaksyunaryong nag-haharing uri ay dapat mapalitan ng ibang konstitusyon at mga batas na nakabalangkas sa pagkakamit ng tunay na pambansang kalayaan, demokrasya, kapayapaan at kaunlaran sa kapakanan ng sambayanan. Kailangan ang radikal na pagpapalit sa umiiral na reaksyunaryong konstitusyon ng isang konstitusyon na pinanday at pinaunlad sa proseso ng pagsulong ng rebolusyon ng Pilipino. Magsisimula ito sa pagbu-buo ng isang patriyotiko, demokratiko at maka-mamamayan konstitusyon magsisilbing balangkas sa pagtatayo ng bagong demokratikong gubyerno ng mamamayan. Magsisilbing panimulang tuntungan nito ang mga nilalaman ng 12-Puntong Programa ng National Democratic Front of the Philippines at Gabay para sa Pagtatayo ng Demokratikong Gubyernong Bayan. Patuloy itong pauunlarin sa proseso ng pagsusulong ng sosyalistang rebolusyon.

Ang ganitong radikal na pagbabago ay makatotohanang makakamit lamang sa proseso ng armandong rebolusyon—sa pagwawagi at pagkukumpleto ng isinusulong na pambansa-demokratikong rebolusyon at pagpapalit ng bagong nagsasariling rebolusyonaryong estado sa lumang bulok na papet na reaksyunaryong estado.

AB

# Pag-apula sa krisis

**M**uling tinatangkang baguhin ang konstitusyon ng reaksyunaryong estado. Sa desperasyong maapula ang tumitinding krisis sa paghahari nito, makapagpatagal pa sa poder ang rehimeng Arroyo at higit na makinabang ito at ang imperyalistang amo at mga kasabwat nito, itinutulak nito ang higit pang pagpapasahol ng kasalukuyang reaksyunaryong konstitusyon.

Sa proseso, lalo nitong pinatatampok ang pagiging anti-demokratiko, antinasyunal at anti-mamamayan ng umiiral na sistema at lalong hinahatak ito sa katindihan ang krisis ng buong sistema.

## Maikling kasaysayan ng reaksyunaryong konstitusyon sa Pilipinas

*Konstitusyon 1935.* Para maapula ang umiigting na paggiit ng mamamayang Pilipino ng hangarin nitong makamit ang pambansang kasarinlan, itinransforma ang dating direktang paghaharing militar ng US sa Pilipinas at binuo ang kolonyal na pamahalaang Commonwealth noong 1935, kasabay ang pangakong paggagawad ng "ganap" na kasarinlan sa Pilipinas makaraan ang 10 taon. Ang Constitutional Convention na ipinatawag para buuin ang konstitusyon Commonwealth ay pinili ng US at binuo ng mga kinatawan ng mga uring malaking kumprador at panginoong maylupa. Ang binalangkas nitong konstitusyon ay ipinadron sa konstitusyon at anyo ng gubyerno sa US at ipinailalim sa mga dikta at pag-apruba ng presidente ng US.

Tinyak sa konstitusyon 1935 na mapananatili ang pampulitika at pang-ekonomyang kapangyarihan ng imperyalismong US at mga kasabwat nitong pyudalismo at burukrata kapitalismo sa bansa. Tinyak nitong ang lahat ng naka-raang utang at obligasyon ng Pi-

lipinas sa US ay mananatiling sagutin ng Pilipinas. Tiniyak din nitong walang mawawala sa mga pribilehiyo ng mga imperyalista, kabilang ang pagmamantine ng mga Amerikano at mga korporasyon nila ng mga ari-arian nila sa bansa, ng kapangyarihan ng gubyernong US na umokupa ng malalawak na erya sa bansa para sa mga baseng militar at pagtatalaga ng mga tropang militar nito, at pananatiliin ang "malayang kakalakan" sa pagitan ng US at Pilipinas. At tiniyak nito ang pag-iral ng kapangyarihan ng pasistang estadong malakolonyal at malapyudal sa likod ng mga palamuting demokratiko.

Noong 1946, kasabay ng pagbibigay ng US ng bogus na kasarinlan sa Pilipinas, ihinabol ng US ang unang amyenda sa konstitusyon ng Pilipinas. Ito ang Parity Amendment na nagsaad na hanggang 1974, ang sinumang mamayan at alinmang negosyo sa US ay pagkakalooban ng "pantay na karapatang" huthutin ang mga likas na yaman ng Pilipinas katulad rin ng mga ibinibigay sa mga Pilipino, at gayundin ang sinumang mamayan at alinmang negosyo sa Pilipinas ay pagkakalooban ng karapatang "kapantay" ng sa US.

Umiral ang konstitusyon ito hanggang 1973.

*Konstitusyon 1973.* Noong huling bahagi ng dekada 1960 ay binabayo na ng matinding krisis ang paghaharing Marcos na kinatampukan ng pagkakasaid ng

prontera, matinding pagbulusok ng halaga ng piso, paglaki ng deposit sa kalakalan, at malakihang pangutang sa labas ng bansa. Ang krisis pampolitika ay pinalala ng pandaraya ni Marcos sa eleksyon. Ang matinding pagkadisgusto ng mamamayan at paglakas ng panawagan para sa rebolusyon ay tumampok sa pagragasa ng hayag na demokratikong kilusang masa mula pa kalagitnaan ng dekada 1960, muling pagtatatag ng Partido Komunista ng Pilipinas noong 1968, pagkakabuo ng Bagong Hukbong Bayan noong 1969, at pagputok ng Unang Sigwa noong 1970.

Sinakyan ng rehimeng Marcos ang ipinapanukala ng mga Christian Democrat na pagtatawag ng Constitutional Convention noong 1970 bilang paraan ng pag-apula sa krisis. Intensyon ni Marcos sa pagsakay dito na linlangin, suhulan at bitagin ang mga nagtutulak nito, mga reformatista at mga pulitiko para bumuo ng bagong konstitusyon. Ito ang ginamit niya para sa pagpauksa sa mga paglaban at pagpapatahimik sa hinaing ng mamamayan. Ginamit din niya ito para ilehitimisa ang binabalak na niya noong pagtatatag ng pasiangan diktadura at pagpapatagal sa kanyang paghahari. May mga probisyon din itong nag-aalok sa imperialistang US ng higit pang mga insertivo sa pamumuhunan sa bansa bilang kapalit ng kanilang patuloy na pagsuporta sa kanyang paghahari. Isinangkalan niya rito ang pagtatapos ng Parity Amendment sa 1974.

Hindi naihabol ang pagbabago sa konstitusyon bago ipataw ni Marcos ang batas militar noong Setyembre 21, 1972. Pero ginamit niya ang probisyon sa konstitusyon 1935 sa pagiging kataas-taasang

kumander niya para magkaroon siya ng walang hanggang awtoridad at awtokratikong makagawa ng mga batas. Ipinagpatuloy at diniktahan niya ang Constitutional Convention. Ipinaloob sa binuo nitong konstitusyon 1973—sa “Probisyon pantransisyonal” (Artikulo XVII)—ang mga probisyon nagligala sa pasiangan diktadura. Sa

pamamagitan nito, inalis ang sistemang *check and balance* at sa gayon nagkaroon ng legal na batayan ang absolutong paghahari ni Marcos. Katulad na katulad rin nito ang “Probisyon pantransisyonal” na nakapaloob sa borador para sa bagong konstitusyon itinutulak ni Arroyo.

Upang matiyak ang suporta ng US sa konstitusyon 1973, sa pamamagitan nito at kasunod na mga dikreto at batas ay pinalawak din ni Marcos ang mga ekstraordinarong pribilehiyo para sa mga multinasyonal na korporasyon ng US at ibinalik ang mga dating nawala na nilang mga pribilehiyo.

*1987 Konstitusyon.* Makaraang maibagsak ang diktadurang Marcos noong Pebrero 1986, ibinasura ni Corazon Aquino ang konstitusyon ni Marcos. Isang bagong Constitutional Convention ang nagbalangkas ng konstitusyon 1987 na “may kalipunan ng mga karapatan sa mga pananalitang liberal-demokratiko at may mga probisyon para sa sistemang *check and balance* sa mga sangay na ehekutibo, lehislatibo at hudisyal ng gubeyerno.”

Pero mga palamuti lamang ito ng isang reaksyunaryong saligang batas. Nanatili itong naglilingkod sa mga imperialista, malaking kumprador at panginoong maylupa. Marami sa antinasyunal, anti-demokratiko, anti-manggagawa at anti-magsasakang batas at dikreto

ni Marcos ay nanatiling “bahagi pa rin ng batas ng bayan.” Kabilang dito ang Batas Pambansa 880 na siyang ginagamit ngayon ng rehimeng Arroyo para supilin ang mga lehitimong rali.

Bawat sumunod na presidente ay nagtulak ng muli na namang pagbabago sa konstitusyon. Ngunit hindi ito naibwelo nina Fidel Ramos at Joseph Estrada. Ang naging pinakapursigido at pinakamasahol sa kanila ay si Gloria Arroyo na ginagawa ang lahat, gaano man kabuktot, katuso at kabrusko, para maipilit ang gusto. Hindi siya napapapigil sa matitinding pagtutol rito ng malawak na mamamayan, ng pamunuan ng simbahan, at maging ng Senado at Korte Suprema.

Sinasalamin lamang nito ang inabot na katindihan ng krisis ng paghahari sa ilalim ng rehimeng Arroyo, na hangad nitong maampatan pa rin sa pamamagitan ng pag-angkin ng dagdag na mga kapanayarihan sa pamamagitan ng itinutulak nitong Cha-cha.

Ngunit maipagtugumpay man ng rehimeng Arroyo ang Cha-cha, hindi pa rin nito maaapula ang sumisidhing krisis. Sa katunayan, ang pagpipilit nitong panibagong pagdistrungka sa konstitusyon para makuha ang mga kagustuhan nito at ng mga kasapakat at amo nito ay lalo pa ngayong nagpapasidhi sa krisis.

Hindi makita ng rehimeng Arroyo na higit na malinaw ngayon kaysa kailanman ang malawak na pagtutol ng mamamayan sa pakana nitong Cha-cha. Alam na alam ng nakararami ang buktot na mga adyenda ng rehimeng Arroyo sa likod ng Cha-cha, kaya maipilit man ang ipinapakanang konstitusyon Arroyo, hindi ito makakakamit ng suporta ng mamamayan. Magbubunsod lamang ito ng ibayong pagsulong ng rebolusyonaryong kilusan na ubos-kayang lalaban dito. **AB**

### **Bawat sumunod na presidente ay nagtulak ng muli na namang pagbabago sa konstitusyon.**

# Mga tampok na amyenda sa konstitusyon

## I. Mga probisyong nagtatakwil sa kasarinlan ng bansa, sa pagtatayo ng nakapagsasariling pambansang ekonomya habang nagkakait sa mama-mayang Pilipino ng karapatang unang makinabang dito at higit pang nagbubukas ng pambansang patrimonya at ekonomya sa mga dayuhan:

1. Tinanggal sa deklarasyon ng mga patakaran ng estado ang pag-papaunlad ng isang nakatatakyo-sasari at independyenteng pambansang ekonomya na epektibong kinokontrol ng mga Pilipino (*Artikulo III. Deklarasyon ng mga prinsipyo at patakaran ng estado. Seksyon 19*).

2. Tinanggal ang pagtataguyod ng estado sa industriyalisasyon at repormang agraryo at proteksyon ng estado sa mga empresang Pilipino laban sa di patas na kumpetisyon at pamamaraan sa pangangalakal ng mga dayuhan (*Artikulo XII. Pambansang Ekonomya at Patrimonya. Seksyon 1*)

3. Tinanggal ang pagbibigay ng pagpapahalaga sa mga kwalipikadong Pilipino sa paggagawad ng mga karapatan, pribilehiyo at konsesyong sumasaklaw sa pambansang ekonomya at patrimonya. (*Artikulo XII. Pambansang Ekonomya at Patrimonya. Seksyon 2*)

4. Tinanggal ang probisyong nagsasaad na tanging mga Pilipino lamang ang maaaring magmay-ari ng lupa. Kapalit nito, nagdagdag ng bagong probisyong nagpapahintulot sa paglilipat ng pag-aari ng mga residensyal, komersyal at industriyal na lupain sa mga indibidwal o korporasyong dayuhan. (*Artikulo XII. Pambansang Ekonomya at Patrimonya. Seksyon 7*)

[Sa bersyon ng Kongreso, lubusang inaalnis na ang lahat ng mga restriksyon sa dayuhang pag-aari at pangungupahan sa mga maaaring maipagamit na pag-aaring bayan kabilang ang mga lupaing agrikultural at *reclaimed*.]

5. Tinanggal ang probisyong nagsasaad na mga Pilipino lamang o mga korporasyon, kooperatiba o asosasyong 100% pagmamay-ari at pinamamahalaan ng mga Pilipino ang maaaring magmay-ari at mama-hala ng masmidya; at nagsasaad rin na mga Pilipino o korporasyong di bababa sa 70% ang pagmamay-aring Pilipino ang maaaring magmay-ari o mamahala ng industriya sa pananalastas (*advertising*). (*Artikulo XVIII. Pangkalahatang Probisyon. Seksyon 11*)

Tinanggal din ang pagbabawal na bigyan ng prangkisa, sertipikasyon o anumang anyo ng sertipikasyon sa pagpapatakbo ng pampublikong yutilidad ang mga dayuhan o mga korporasyon o asosasyong mas mababa sa 60% ang pag-aaring Pilipino. (*Artikulo XII. Pambansang Ekonomya at Patrimonya. Seksyon 11*)

[Sa bersyon ng Kongreso, lubusang inaalnis na ang lahat ng mga restriksyon sa dayuhang pag-aari at pangungupahan sa mga prangkisa, pampublikong yutilidad, masmidya, paaralan at kumpanya sa seguro at patalastas.]

6. Tinanggal ang probisyong nagsasaad na sa ekplorasyon at produksyon sa mga lupain, katubigan at iba pang likas na yamang pag-aaring bayan ay maaari lamang makisosyo ang estado sa mga Pilipino o mga korporasyon o samahang may di bababa sa 60% pag-aaring Pilipino. (*Artikulo XII. Pambansang Ekonomya at Patrimonya. Seksyon 2*)

[Sa bersyon ng Kongreso, ipina-

lit dito ang lubusang pagpapahintulot sa "anumang korporasyon o asosasyon, lokal man o dayuhan."]

7. Tinanggal ang pangangalaga ng estado sa lahat ng kayamanang-dagat sa saklaw ng teritoryo at eksklusibong sonang pang-ekonomya ng Pilipinas at pagbibigay sa mga Pilipino ng eksklusibong karapatang gamitin at pakinabangan ang mga ito. Tinanggal din ang pagpapahintulot sa mga Pilipino, kabilang na ang mga kooperatiba nila, na lumahok sa maliitang-antas ng paggamit ng mga likas na yaman nang may prayoridad ang mga mangingisda at manggagawa sa mga pangisdaan sa mga ilog, lawa, baybay, look at lanaw. (*Artikulo XII. Pambansang Ekonomya at Patrimonya. Seksyon 2*)

8. Tinanggal ang paggigiit ng kalayaan laban sa pagpapapasok ng armas nukleyar sa Pilipinas. (*Artikulo III. Deklarasyon ng mga prinsipyo at patakaran ng estado. Seksyon 5*)

## II. Mga probisyong nagbabawas sa responsibilidad ng estado na pangalagaan ang kapakanan ng mamamayan at ikintal sa isipnila ang patriyotiko at makabayang diwa:

1. Tinanggal sa pinakabungad ng konstitusyon ang mga salitang nagsasaad ng pagbubuo ng lipunang makatarungan at makatao at kabilang sa mga tungkulin ng gubyerno ang pangangalaga sa kasarinlan at paghahari ng katotohanan, kalayaan at pagmamahalan. (*Preamble*)

2. Tinanggal ang deklarasyon ng mga prinsipyo ng estado kung saan isinasaad na ang pagmamantine ng kapayapaan at kaayusan, ang pangangalaga sa buhay, kalayaan at pag-aari at ang pagtataguyod ng pangkalahatang kagalingan ay esensyal sa pagtatamasa ng lahat ng mamamayan ng mga biyaya ng demokrasya. (*Artikulo*

### *III. Deklarasyon ng mga prinsipyo at patakaran ng estado. Seksyon 5)*

3. Tinanggal ang deklarasyon ng mga patakaran ng estado kung saan isinasaad ang pagtaguyod ng isang makatwiran at dinamikong kaayusang panlipunan na magtitiyak sa kaunlaran at kasarinlan ng bansa at magpapalaya sa mamamayan mula sa karalitan sa pamamagitan ng mga patakang nagkakaloo ng sapat na mga serbisyon panlipunan, nagtaguyod ng trabaho para sa lahat, ng papaunlad na pamantayan at mas mataas na kalidad ng buhay para sa lahat. (*Artikulo III. Deklarasyon ng mga prinsipyo at patakaran ng estado. Seksyon 9*)

4. Tinanggal ang maraming probisyong nagtaguyod at nanganalaga sa kapakanan at kagalingan ng iba't ibang saligang sektor sa hanay ng mamamayan at iba't ibang saligang pangangailangan ng mamamayan, gayundin ang mga probisyong laban sa korapsyon sa gubyerno. (*Artikulo III. Deklarasyon ng mga prinsipyo at patakaran ng estado.*)

Kabilang dito ang mga sumusunod:

a. napakahalagang papel ng kabataan sa pagtatayo ng bansa, ang pangangailangang ikintal sa kanilang isipan ang patriyotismo at pagkamakabayan at pag-eengganyo sa kanilang lumahok sa mga usaping pampubliko at panlipunan (*Seksyon 13*);

b. pangangalaga at pagtaguyod sa kalusugan ng mamamayan at kamulatan nila tungkol dito (*Seksyon 15*);

k. pangangalaga at pagtaguyod sa karapatan ng mamamayan sa balansyado at malusog na kapaligiran (*Seksyon 16*);

d. pagbibigay ng prayoridad sa edukasyon, syensa at teknolohiya, sining, kultura

at palakasan para sa pagpapayaman ng patriyotismo at pagiging makabayan, pagpabilis ng kaunlarang panlipunan at pagtaguyod ng lubos na pagpapalaya at pagpaunlad ng mamamayan;

e. pangangalaga sa mga karapatan ng mga manggagawa at pagtaguyod sa kanilang kagalingan (pinalitan ng pangangalaga at pagtaguyod sa kagalingan kapwa ng mga manggagawa at mga nag-eempleyo sa kanila);

g. pagtaguyod ng komprehensibong pagpapaunlad sa kanayunan at repermang agraryo;

h. pagkilala at pagtaguyod sa mga karapatan ng mga katutubong komunidad sa balangkas ng pambansang pagkakaisa at pag-unlad;

i. pag-eengganyo sa mga di-panggubyernong organisasyon at mga organisasyong nakabase sa mga komunidad at sektor na nagtaguyod sa kapakanan ng bansa;

l. paggarantiya ng pantay na karapatang makapaglingkod sa publiko at pagbabawal sa mga pampulitikang dinastiya;

m. pagsasagawa ng mga positibo at epektibong haging laban sa katiwalian at korapsyon;

n. pagsasagawa at pagpatupad ng patakaran ng lubusang pagbubukas sa publiko ng lahat ng transaksyon ng estado kung saan may interes ang publiko.

5. Tinanggal din sa mga probisyong para sa edukasyon ng mamamayan ang pagkintal ng patriyotismo at pagiging makabayan, ang pagpapayabong ng pagmamahal sa sangkatauhan, pagrespeto sa karapatang-tao at iba pang mga katulad

na katangian (*Artikulo XIV. Edukasyon. Seksyon 3*)

### **III. Mga probisyong nagbibigay ng ibayong awtokratikong kapanayarihan sa namumuno:**

1. Tinanggal ang bahaging "demokratiko" sa deklarasyon ng mga prinsipyo ng estado. Ipinalit ang "Ang Pilipinas ay isang republikang estado" sa dating "Ang Pilipinas ay isang demokratiko at republikang estado." (*Artikulo III. Deklarasyon ng mga prinsipyo at patakaran ng estado. Seksyon 3*)

2. Tinanggal sa oryentasyon ng Armed Forces of the Philippines ang pagturing dito bilang protektor ng mamamayan. (*Artikulo III. Deklarasyon ng mga prinsipyo at patakaran ng estado. Seksyon 3*). Tinanggal din sa oryentasyon ng militar ang pagpapalakas ng patriyotikong diwa at makabayang kamulatan at ang pagrespeto sa mga karapatan ng mamamayan. (*Artikulo XVII. Pangkalahatang probisyon. Seksyon 5*)

3. Nililimitahan ang kalayaan sa pagsasalita, pamamahayag, paglathala at pagtitipon ng mamamayan sa pamamagitan ng pagsingit ng probisyong kailangan ng "responsableng pagpapatupad" sa mga ito. (*Artikulo III. Listahan ng mga karapatan. Seksyon 4*)

4. Idinagdag ang "rebelyon" at ang napipintong banta nito bilang batayan sa pagdedeklara ng batas militar at suspensyon ng *writ of habeas corpus*. Ang bagong kategoryang "napipintong banta" ay nasa mas mababang antas kaysa sa "malinaw at direktang banta" na siyang dating batayan para suspindihin ang *writ of habeas corpus*. (*Artikulo VII. Departamento ng Ehekutibo. Seksyon 18*)

5. Tinanggal ang mga limitasyon o maaaring kumwestyon at puwigil sa presidente sa pagdedeklara ng batas militar at pagsususpinde

ng *writ of habeas corpus*. (Artikulo VII. Departamento ng Ehekutibo. Seksyon 18)

Kabilang dito ang mga sumusunod:

a. pagsusumite ng Presidente (o Prime Minister) ng personal o nakasulat na ulat sa Kongreso (o Parlamento) sa loob ng 48 oras pagkadeklara ng batas militar o suspensyon ng *writ of habeas corpus*. Maaaring bawiin ang deklarasyon ng batas militar o suspensyon ng *writ* sa boto ng mayorya ng mga myembro nito at kailangan itong sundin ng Presidente (o Prime Minister).

b. pagrerepaso ng Korte Suprema sa kasapatan ng aktwal na batayan ng deklarasyon ng batas militar o suspensyon ng *writ of habeas corpus*, alinsunod sa petisyon ng sinumang mamamayan. Kailangan itong desisyunan ng Korte sa loob ng 30 araw;

k. patuloy na paggana ng konstitusyon, lehislatura at mga korte; di pagpapangibaw ng batas militar sa mga ito; di pagsapaw ng hurisdiksyon ng mga korte militar sa mga gumaganang sibilyang korte; at di awtomatikong pagsuspinde sa *writ of habeas corpus*;

d. pagpapalaya sa sinumang inaresto na hindi makakasuhan sa loob ng tatlong araw

6. Idinagdag ng Sigaw ng Bayan ang probisyong nag-aatas sa interim na parlamento na magpasok ng mga dagdag na pagbabago sa konstitusyon matapos ang 45 araw mula sa ratifikasyon ng mga bagong susog.

#### **IV. Mga probisyong transisyunal para sa paglipat sa unikameral na**

#### **parlamento at pagpapanatili ni Arroyo sa poder ni Arroyo hanggang 2010 at lampas pa rito:**

1. Itatransforma ang Kongreso at Senado sa isang *unicameral interim parliament* (parlamentong may iisang kapulungan).

a. Awtomatikong magiging myembro ng *interim parliament* ang lahat ng kasalukuyang kongresista at senador hanggang makapaghahalang isang regular na parlamento. Dagdag sa mga ito, magiging myembro rin ng parlamento ang minimum na sangkatlo ng gabinete ng Presidente at 30 pang diputadong hihirangin ng Presidente. Ihahal ng parlamento ang Prime Minister at iba pang upisyal nito. (Artikulo XX. Transisyunal na probisyon. Seksyon 9)

[Sa bersyon ng Kongreso at Sigaw ng Bayan, lulusawin na ang sistemang *party-list* at hindi na maghahalal para sa parlamento ng mga kinatawan mula sa mga organisasyong *party-list*. Binabago nito ang panukala ng Consultative Commission on Charter Change na naglalaan ng 30% ng kasapihan ng parlamento para sa *party-list*. (Artikulo VI. Ang Parlamento. Seksyon 1)]

b. Idinagdag ang pagtatapos sa kolehiyo bilang reksito sa mga maaaring maging myembro ng parlamento. (Artikulo VI. Ang Parlamento. Seksyon 3)

k. Tinanggal ang paglilita sa bilang ng termino ng mga myembro ng parlamento at pinahahaba ang bawat termino nila mula tatlo tungong limang taon (Artikulo VI. Ang Parlamento. Seksyon 1).

d. Idinagdag ang probisyong nagkakansela sa elek-

syon sa 2007 at pagpapasaklaw ng termino ng lahat ng kasalukuyang halal na upisyal hanggang Hunyo 30, 2010 o kung idaraos man ang eleksyon sa 2007 ay awtomatikong palalawigin ang termino ng presidente, bise presidente, mga representante at 12 senador na inihalal noong 2004 nang hanggang 2010. (Artikulo XX. Transisyunal na probisyon. Seksyon 7)

[Sa magkarehong bersyon ng Kongreso at Sigaw ng Bayan, ang Interim Parliament ang magtatakda kung kailan magaganap ang susunod na eleksyon para sa bagong parlamento kasabay ang eleksyon para sa mga lokal na pinuno. Samantala, ang mga myembro ng Kongreso na awtomatikong magiging myembro ng lahat ng pansamantala ng parlamento ay magpatuloy na nakaluklok nang walang taning kahit makaran ang 2010 habang magtatapos ang termino ng mga senador sa 2010. Kung matutuloy ang eleksyon sa 2007, palalawigin ang termino ng lahat ng halal na upisyal hanggang 2012.]

2. Magpapatuloy ang kasalukuyang presidente sa kapangyarihan hanggang Hunyo 30, 2010 at kailinsabay ay binibigyan siya ng karragan pang kapangyarihan sa pamamagitan ng paglalagay ng interim Prime Minister sa ilalim ng kanyang direksyon at superbisyon. (Artikulo XX. Transisyunal na probisyon. Seksyon 7).

Ang kalakhan ng mga ito ay mga panukala ng Consultative Commission on Charter Change. Ang iba pa ay mga halos kaparehong panukala ng Committee on Constitutional Amendments ng House of Representatives at ng Sigaw ng Bayan.



ANG

*Bayan*

Pahayagan ng Partido Komunista ng Pilipinas  
Pinapatnubayan ng Marxismo-Leninismo-Maoismo


Espesyal na Isyu  
Nobyembre 4, 2006  
[www.philippinerevolution.org](http://www.philippinerevolution.org)

## ***“People’s initiative,” ibinasura***

**A**ng pagbabasura ng Korte Suprema sa huwad na *people’s initiative* nitong Oktubre 24 ay isang makabuluhang taktilkal na tagumpay sa pagsisikap ng mamamayang Pilipino na hadlangan ang buhong na pakana ng rehimeng Arroyo na baguhin ang konstitusyon para lalo itong umayon sa mga interes nito at ng amo nitong imperialismong US.

Sa botong 8-7, kinastigo ng Korte Suprema ang “Sigaw ng Bayan” at ang Union of Local Authorities in the Philippines (ULAP) sa kanilang “malaking panlilinlang.” Tinukoy ng Korte na ang panlilinlang ay di lamang sa mga ginawang pamamaraan sa pangangalap ng pirma, kundi maging sa nilalaman ng mga panukalang pagbabago.

Kaduda-duda na ang milyun-milyong pinalalabas ng Sigaw at ULAP na pumirma umano ay may sapat na kaalaman tungkol sa mga nilalaman ng petisyon. Ayon mismo sa Si-



gaw, ka-kaunti lamang ang kanilang na-imprentang polyeto na naglalaman ng mga panukalang

## **Labanan at biguin ang “Cha-cha”**

**Komiteng Tagapagpaganap ng Komite Sentral  
13 Setyembre 2006**



**S**a kabilang malawak na pagtutol ng mga mamamayan, lalong pinaiigting ng papet at pasistang rehimeng Macapagal-Arroyo ang mga maniobra para maisaisantabi ang konstitusyon 1987 at distrungkahin ang anyo at pamamaraan ng paghahari ng reaksyunaryong estadong malakolonyal.

Ipipilit ng rehimeng pagrerebisa sa konstitusyon sa pamamagitan man ng palsipikadong inisyatibang bayan o inisyatiba ng Kapulungan ng mga Kinatawan (Constituent Assembly). Dahil parehong kaduda-duda ang ligalidad, maaari lamang makalusot ang alinman sa dalawa sa pamamagitan ng garapal na pagpapagamit ng Korte Suprema. Nililimas ang pambansang kabang-yaman at inaabuso ang mga kontrata ng gubynerno para bilhin ang pagsuporta ng mga kongresista, mga heneral ng AFP at PNP, mga lokal na burukrata’t pulitiko at *mass media*. Kaalinsabay, walang pakundangan nitong sinasagasaan ang Senado, pinapaikutan ang mga hukuman kabilang ang pinakamataas, hinahati at ginigipit ang reaksyunaryong oposisyon, ginagamitan ng pasistang teroristang mga taktika ang ligal na demokratikong kilusan at todo-todong itinulak ang mga opensibang militar at maruming gera laban sa armadong rebolusyonaryong kilusan. Ginagatungan at pinagngangalit ang istoryang anti-teroris-

## Mga instruksyon sa paglilimbag

- 1.** Ang **sinundang pahina**, na eksaktong kopya ng pahina 1 maliban sa mas mapusyaw ang *masthead* o *logo* ay para sa mga gumagamit ng *mimeo machine* o naglilimbag sa paraang *v-type*. Idinisenyo ito para hindi madaling makasira ng istensil.
- 2.** Pag-*print* sa istensil:
  - a) Sa *print dialog*, i-check ang **Print as image**
  - b) Alisin ang *check* sa **Shrink oversized pages to paper size**
  - c) I-click ang **Properties**
  - d) I-click ang **Advanced**
  - e) Tiyaking naka-set sa **100%** ang **Scaling**
  - f) Ituloy ang pag-*print*
- 3.** Hinhikayat ang mga kasama na ipaabot sa patnugutan ng *AB* ang anumang problema kaugnay ng paglilimbag sa pamamagitan ng *v-type*. Magpadala ng *email* sa *angbayan@yahoo.com*